



Nagbibigay ang Lungsod ng Brampton ng mga tip para manatiling malamig ang mga residente sa panahon ng Babala ng Init

BRAMPTON, ON (Hunyo 29, 2021) – Kasunod ng Babala sa Init na inisyu sa araw na ito ng Rehiyon ng Peel, pinapaalalahanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pananatiling malamig.

Ang mga oras sa splash pad ng Lungsod ay 9 am hanggang 9 pm at ang Chinguacousy Park wading pool ay bukas araw-araw mula 10 am hanggang 8 pm, kung maganda ang panahon. Ang Professor's Lake beach at ang Eldorado Park outdoor pool ay nakatakdang muling magbukas para sa season simula bukas, Hunyo 30, kung maganda ang mga kondisyon ng panahon at tubig.

Kapag bumibisita sa mga splash pad at pool, hinihiling ang mga residente na panatilihin na una sa isip ang kalusugan at kaligtasan. Lumayo mula sa iba, at magsuot ng mask kapag mahirap itong gawin. Para sa kumpletong talaan ng mga splash pad at wading pool, bisitahin ang www.brampton.ca.

Maaaring tatandaan ng mga Bramptonian ang sumusunod na mga tip para malabanan ang init:

Limitahan ang outdoor na aktibidad

Hinihikayat ang mga residente na limitahan ang outdoor na aktibidad. Inirerekumenda rin na hindi magbilad sa araw ang publiko, uminom ng maraming tubig at manatili sa mga lugar na air conditioned o may lilim na mga lugar.

Mga indibidwal na nasa panganib

Ang mga matatanda at maliliit na bata ang mas higit na nanganganib, at hinihikayat ang mga residente na titingnan-tingnan ang mga kaibigan at kapamilya nang birtwal o sa pamamagitan ng telepono na iniisip nilang maaaring madaling maapektuhan ng init ng panahon.

Mga Pet

Mga tip para mapanatiling malamig ang mga pet o alagang hayop:

- Panatilihin na nasa loob ang mga pet at pigilan ang pagsama sa mga ito sa paglalakad – kung ang semento ay napakainit kung nakapaa, napakainit ito para sa mga paa ng aso na walang kagamitang pampaa.
- Magbigay ng maraming sariwang tubig
- Panatiling nag-circulate indoor ang hangin
- Limitahan ang oras na lantad sa araw at magbigay ng lilim

Sa mga mainit na temperatura, huwag na huwag iwanan ang mga bata o alagang hayop na walang nagbabantay sa mga sasakyan.



Maging ligtas sa tubig

Pinapaalalahanan din ang mga residente na mag-ingat sa lugar na may tubig:

- Palaging panatiliing naaabot ng mga kamay ang mga maliliit na bata kapag nasa tubig
- Huwag lumangoy nang mag-isa
- Paghigpitan at kontrolin ang access sa mga pool sa likod-bahay gamit ang bakod sa lahat ng apat na bahagi
- Pasuotin ng life jacket ang mga maliliit na bata kapag nasa pool o sa beach
- Piliin ang mga beach at pool na may nagbabantay na lifeguard para sa paglalangoy
- Tanggalan ng laman ang mga hindi naaasikasong wading pool at ang mga balde ng tubig kung hindi ginagamit
- Kung mayroon kang pool o cottage, tiyakin na matuto ang mga miyembro ng pamilya ng mga skill sa pagsagip ng buhay

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa init, bisitahin ang www.brampton.ca at www.peelregion.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca